TB at HIV
Isang Mapanganib na Pagsasama

Ano ang TB? Ang "TB" ay ang maikling pangalan para sa sakit na tinatawag na **tuberkulosis**. Kapag ang isang taong may sakit na TB sa baga o lalamunan ay umuubo, nagsasalita, tumatawa o bumabahin, ang mga napakaliit na mikrobyo ng TB ay iwiniwisik sa hangin. Sinumang nasa malapit ay makakalanghap ng mga mikrobyo ng TB papasok sa kanyang mga baga. Ang mga mikrobyo ng TB ay maaaring mabuhay sa iyong katawan kahit hindi ka nagkakasakit. Ito ay tinatawag na **impeksyon ng TB.** Ang sistemang panlaban sa sakit ng iyong katawan ay ikinukulong ang mga mikrobyo ng TB, at pinamamalagi kang malusog. Kung minsan, hindi malabanan ng iyong katawan ang mga mikrobyo ng TB. Kung magkasakit ka dahil sa mga mikrobyong ito, ito ay tinatawag na **sakit na TB**. Pinakamadalas na inaatake ng mga mikrobyo ang mga baga. Nagagawa rin ng mga ito na atakehin ang mga bato, ang utak, at gulugod, o ibang mga bahagi ng iyong katawan. Kung nagkaroon ka ng sakit ng TB, kailangan mong magpagamot. Puwedeng bumuti ang iyong pakiramdam sa pamamagitan ng tamang paggamot. Pero kung hindi ka magpapagamot, puwede kang mamatay.

Bakit mahalagang malaman kung ako ay nagtataglay ng mga impeksyon pareho ng TB at HIV? Ang impeksyon ng HIV ay nagpapahina sa sistemang panlaban sa sakit ng iyong katawan. Kung ikaw ay nagtataglay ng mga impeksyon pareho ng TB at HIV, **napakalaki ng panganib na ikaw ay magkaroon ng sakit na TB.**

Magandang Balita! Mapipigilan mo ang impeksyon ng TB na maging sakit na TB! Ang unang hakbang ay alamin kung ikaw ay nahawa ng mikrobyo ng TB. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagsusuri ng balat para sa TB.

Ano ang pagsusuri ng balat para sa TB? Ang pagsusuri ng balat para sa TB ay ginagawa sa braso. Pagkaraan ng dalawa o tatlong araw, titingnan ng tagaserbisyo ng pangangalagang pangkalusugan ang iyong braso upang makita kung may reaksiyon. Ang “positibong” reaksiyon ay nangangahulugang ikaw ay may impeksyon ng TB.

Makakaapekto ba ang impeksyon ng HIV sa mga resulta ng pagsusuri ng balat para sa TB? Kung minsan, kung ikaw ay naimpeksyon pareho ng mga mikrobyo ng HIV at TB, maaari kang magkaroon ng “negatibong” reaksiyon sa pagsusuri ng balat para sa TB. Ito ay dahil ang sistemang panlaban sa sakit ng iyong katawan ay hindi wastong gumaganap. Kakausapin ka ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa panganib ng impeksyon ng TB o sakit na TB. Maaaring mangailangan ka ng ibang mga pagsusuri o paggamot.

Ano ang dapat kong gawin kung ako ay may mga impeksyon pareho ng HIV at TB? Pailalim sa mga kinakailangang pansunod na pagsusuri. Kabilang dito ang rayos-ekis (x-ray) ng dibdib at maaaring kabilang ang ilang iba pang pagsusuri. Kung ang mga pagsusuring ito ay nagpakita na ikaw ay may sakit na TB, ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay magbibigay sa iyo ng mga gamot sa iyong TB. Kung ang mga pagsusuri sa iyo ay nagpakita na ikaw ay may impeksyon ng TB, ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay magbibigay sa iyo ng mga gamot upang patayin ang iyong **impeksyon ng TB** para hindi ito maging **sakit na TB**.

Ano ang dapat kong malaman tungkol sa aking mga gamot? Sasabihin sa iyo ng iyong tagaserbisyo ng pangangalagang pangkalusugan kung paano iinumin ang iyong mga gamot at ang mga di-hangad na epekto.

Kung ikan ag may katanungan tumawag sa Departamento ng Kalusugan o sa inyong doctor.

Pangalagaan ang iyong sarili, iyong pamilya at mga kaibigan laban sa TB. Tapusin ang paggamot sa iyong TB!

Text - TB Control and Prevention Program, Division of Disease Prevention, Virginia Department of Health 11/8/02
www.vdh.virginia.gov/epidemiology/DiseasePrevention/Programs/Tuberculosis/index.htm
This work is licensed under the Creative Commons AttributionNonCommercial-NoDerivs License
http://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/2.5/

A **Healthy Roads Media** project
www.healthyroadsmedia..org
TB & HIV – Tagalog (Last Reviewed 10/2006)